| MATATAG K to 10 Kurikulum Lingguhang Aralin | Paaralan: | Visit DepEdResources.com for More | Baitang: | 4 |
|---|---|---|---|---|
| | Pangalan ng Guro: | | Asignatura: | ARALING PANLIPUNAN |
| | Petsa at Oras ng Pagtuturo: | SEPT. 30 – OCT. 4, 2024 (WEEK 1) | Markahan at Linggo: | Ikalawang Markahan |

| I. NILALAMAN NG KURIKULUM, PAMANTAYAN, AT MGA KASANAYAN SA ARALIN | |
|---|---|
| **A. Mga Pamantayang Pangnilalaman** | Naipamamalas ang pag-unawa sa ugnayan ng tao at heograpiya bilang batayan sa angkop na pagtugon sa mga oportunidad at hamong kaakibat nito. |
| **B. Mga Pamantayan sa Pagganap** | Nakabubuo ng gawaing nagsusulong sa pangangalaga at paglinang ng mga pinagkukunang yaman. |
| **C. Mga Kasanayan at Layuning Pampagkatuto** | Natutukoy ang mga pinagkukunang-yamang matatagpuan sa bansa.<br>A. Naibibigay ang mga iba't bang pinagkukunang yaman ng bansa.<br>B. Naiisa-isa ang mga biyaya ng mga likas na yaman ng bansa.<br>C. Naiuugnay ang mga yaman ng bansa sa epekto nito sa tao at sa kaniyang kabuhayan, kapaligiran, at kultura. |
| **D. Nilalaman** | Katangiang Heograpikal bilang Batayan sa Paglinang ng Yaman ng Bansa<br>● Topograpiya ng Bansa<br>● Pagkakaugnay ng Heograpikal na Katangian ng Bansa sa Kaniyang mga Yamang Likas sa aspektong:<br>a. kabuhayan<br>b. kapaligiran<br>c. kultura |
| **E. Integrasyon** | Kaalamang Pangkapaligiran (environmental literacy) Sustainable Development Goals (SDGs)<br>SDG 6: Clean Water and Sanitation<br>● SDG 12: Responsible Consumption and Production<br>● SDG 14: Life below water<br>● SDG 15: Life on Land<br>Lokalisasyon at Kontekstwalisasyon |

## II. BATAYANG SANGGUNIAN SA PAGKATUTO

Abique, M. (2020). *Kahalagahan ng Ugnayan ng Tao at Kapaligiran*. Modyul sa Ikapitong Baitang. Kagawaran ng Edukasyon. https://www.scribd.com/document/472182523/ap7-q1-mod2-kahalagahan-ng-ugnayan-ng-tao-at-kapaligiran-FINAL07242020-pdf

Avindo, A. (2018). Pamumuhay ng mga Badjao. https://prezi.com/yu6m9kv07ae_/pamumuhay-ng-mga-badjao/.

Belarde, R., Barcelona, V., Daroni, C., & Fajrado, J. (2019). *Lahing Pilipino Kaagapay sa Ika-21 Siglo*. Ikaapat na Baitang. Batallan at Sanayang Aklat sa Araling Panlipunan. Rex Book Store.

Dayag, A. (2018). *Bagong Lakbay ng Lahing Pilipino 4*. Teacher' Wraparound Edition. Phoenix Publishing House. De Jesus, K. (2016). *Impluwensya ng klima at lokasyon sa paghubog ng pamumuhay ng mga tao sa lalawigan*. https://www.slideshare.net/bestinenarsus1/impluwensya-ng-klima-at-lokasyon-sa-pamumuhay?from_action=save

*Gabay Pangkurikulum sa Araling Panlipunan*. (2016). Department of Education DepEd Complex, Meralco Avenue Pasig City. Honradez, E. (2016). *Ugnayan ng Heograpiya, Kultura at Kabuhayan sa Pagkakakilanlang Pilipino*. https://www.slideshare.net/EDITHAHONRADEZ1/yunit-ii-aralin-16-ugnayan-ng-heograpiya-kultura-at-kabuhayan-sa-pagkakakilanlang- pilipino

Micosa, L. (2020). *Kabuhayan sa Ifugao.* https://www.scribd.com/document /488194523/Kabuhayan-sa-Ifugao

Villanueva, V. (2018). *#ABKD: Ako Bibo Kase Dapat (Alpabeto ng Inobatibo at Makabagong Guro ng Araling Panlipunan, Edukasyon sa Pagpapakatao, at Filipino*. VMV Publishing House. Makati: Bangkal.

Ang mga larawan ay kinuha mula sa:

*Andap na dala ng malamig na panahon, perwisyo sa mga magsasaka ng Benguet*. (2014). GMA News Online. https://www.gmanetwork.com/news/publicaffairs/brigada/345995/andap-na-dala-ng-malamig-na-panahon-perwisyo-sa-mga-magsasaka-ng- benguet/story/

Anyong Tubig. (2012). Pinterest. https://www.pinterest.ph/pin/10021917 23317827678/

Buen, A. (2020). *Klima at Panahon Sa Pilipinas*. Scribd. https://www.scribd.com/presentation/ 476373537/Klima-at-Panahon-sa-Pilipinas Guevarra, M. (2020). *Top 19 Tourist Spots in Baguio Philippines: Scenic Parks, Art Museums, Strawberry Farm.* Guide to the Philippines. https://guidetothephilippines.ph/articles/what-to-experience/baguio-city-tourist-spots

Vecteezy. (n,d) https://www.vecteezy.com/vector-art/20610283-single-continuous-line-drawing-young-male-studying-with-laptop-and-sitting-on-pile-of-books-back-to-school-intelligent-student-online-education-one-line-draw-graphic-design-vector-illustration

Ang mga bidyo ay kinuha mula sa:

ABS-CBN News (2023). Mga mangingisdang Pinoy, higit 1 dekada nang 'di nakakalapit sa Bajo de Masinloc | TV Patrol. ABS-CBN Studio. https://www.youtube.com/watch?v=4fPcws_2RTs

ABS-CBN News (2018). Bandila: Mga produktong Pinoy na gawa sa indigenous materials. ABS-CBN Studio. https://www.youtube.com/watch?v=ebZUzRKe7qM

GMA Integrated News (2021). Saksi: Pagkaubos ng matatandang puno sa mga kabundukan, isa sa nakikitang sanhi ng pagbaha. GMA News Studio. https://www.youtube.com/watch?v=tiXuWYBVOEw

PTV Philippines (2019). Kultura at mga produkto ng SOCCKSARGEN, bida sa travel expo. PTV Philippines Studio. https://www.youtube.com/watch?v=wxsTWFsFvHM

Ang mga balita o isyu ay kinuha mula sa:

EDITORYAL] Dapat na nga bang magdeklara ng "Climate Change Crisis" ang Pilipinas? The Lookout. (2020). https://thelookout.com.ph/article/editoryal-dapat-na-nga-bang-magdeklara-ng-climate-change-crisis-ang-pilipinas

Fluvial parade, mga pagtatanghal tampok sa Shariff Kabunsuan Festival. (2019). https://news.abs-cbn.com/life/12/15/19/fluvial-parade-mga-pagtatanghal-tampok-sa-shariff-kabunsuan-festival

Kultura ng Batanes. (2018). Kultura ng Luzon. https://cultureofluzon.wordpress.com/2018/08/27/kultura-ng-batanes/

Marcos dismayado sa kalidad ng mga lupang pangsakahan. (2021). Abante News. https://www.abante.com.ph/2023/06/21/marcos-dismayado-sa-kalidad-ng-mga-lupang-pangsakahan/

Nonaillada, Z. (2019). Ako ang Davao: Paraiso at kultura sa gitna ng umaangat na ekonomiya. DepEd website. https://www.deped.gov.ph/2019/05/07/ako-ang-davao-paraiso-at-kultura-sa-gitna-ng-umaangat-na-ekonomiya/

Pagpapaunlad sa produksyon ng Asin sa lambak ng Cagayan, tututukan ng BFAR Region 2. Bombo Radyo. (2023). https://www.bomboradyo.com/tuguegarao/pagpapaunlad-sa-produksyon-ng-asin-sa-lambak-ng-cagayan-tututukan-ng-bfar-region-2/

PBBM pinahanapan ng `impounding area' ang baha sa NCR. (2023). Abante News. https://tonite.abante.com.ph/2023/06/13/pbbm-pinahanapan-ng-impounding-area-ang-baha-sa-ncr/

Susbilla, B. (2023, July 14). 'Forest bathing' ginaduso sa Antique sa pagprotekta kang kagubatan. Philippine Information Agency. https://pia.gov.ph/news/2023/07/14/forest-bathing-ginaduso-sa-antique-sa-pagprotekta-kang-kagubatan

| III. MGA HAKBANG SA PAGTUTURO AT PAGKATUTO | | TALA SA GURO |
|---|---|---|
| **A. Pagkuha ng Dating Kaalaman** | **UNANG ARAW**<br><br>**1. Maikling Balik Aral**<br><br>Ipagawa sa mga mag-aaral ang mga sumusunod na gawain:<br><br>**Tala-Larawan (#Larawang**  _ _ _ _  _ _ _ _ _<br>Clue sa pagsagot: Ang mga makikitang larawan ay mga makikita natin sa ating kapaligiran. Gawing gabay ang mga pagkakapareho na elemento ng mga larawan.<br> _ _ _ _ _<br><br>**Apat, Buong Ideya Dapat):**<br><br>Sa pamamagitan ng mga grupo ng apat na larawan, ang mga mag-aaral ay matukoy ang mga salita o ideyang inilalarawan na may ugnayan sa napag-aralang konsepto sa heograpiya.<br><br>**IKALAWANG ARAW**<br><br>**Isipin-Iugnay-Ibahagi (#Mga Tatlong "I" na Dapat Pinapatnubay):** | Bukod sa paglalarawan ng mga makikitang larawan, para mas madaling maunawaan ng mga bata ang gawaing ito, maaaring magtanong ang guro ng patungkol sa mga larawan. Ilan sa mga maaari tanong ay ang mga sumusunod:<br><br>• Ano ang mga nakikita nating mga pagkakapareho na elemento o katangian ng mga apat na larawan?<br>• Sa anong kategorya nating mabubuod ang mga pagkakapareho ng mga element o katangian ng mga larawan?<br><br>Ang mga naging tala ng mga mag-aaral sa unang gawain ay gagamitin para sa gawaing ito. Gawing gabay ang mga sumusunod na tanong |

Mula sa mga nasagutan sa unang gawain, ang mga mag-aaral, sa pamamagitan ng dalawahan o tatluhan, ay dapat na bigyang diin ang pagbibigay ng kahulugan o ugnayan nito patungkol sa heograpiya at maaaring magbigay ng halimbawa o sitwasyon na sumasalamin dito.




| KAHULUGAN O UGNAYAN NITO SA HEOGRAPIYA | HALIMBAWA NITO O MGA SITWASYONG SUMASALAMIN DITO |
| --- | --- |
| | |

| |
|---|
| **PANGUNAHING SAGOT (Initial Answer)**<br>Sa tingin ko, ang epekto ng katangiang pisikal ng bansa sa paglining ng likas na yaman ay … |
| **PINUNANG SAGOT (Revised Answer)**<br>Sa pagtalakay naming ng aralin, aking napagtanto na ang ang katangiang pisikal ay may epekto sa paglinang ng likas na yaman sa pamamagitan o paraan ng … |
| **PINAL NA SAGOT (Final Answer)**<br>Pagkatapos ng pagtalakay sa aralin, sa kabuuan, ang epekto ng katangian ng pisikal ng bansa sa paglinang ng likas na yaman nito ay … |

<table>
<tr>
<td></td>
<td>




<br>
Pangunahin-Pagpuna-Pinal Na Pagtatala – 4ps (#Initial-Revised-Final Worksheet):<br>
Mula sa pagbibigay nila ng ugnayan nga mga susing konsepto sa mga nagdaang gawain, ang mga mag-aaral ay kanilang itatala ang pangunahin nilang ideya patungkol sa aralin. Sa mga susunod na araw, maaaring ang mga mag-aaral ay itala ang bagong natuklasan tungkol sa napag-aralan o mga pagpuna patungkol sa kanilang inisyal na isinulat at ang kanilang panghuling pahayag sa kanilang napag-aralan.<br><br>
Ang tanong na ito ang magiging gabay ng mga mag-aaral sa pagsagot ng gawain:<br><br>
Ano ang epekto ng katangiang pisikal o heograpiya ng bansa sa paglinang ng ating mga likas na yaman?
</td>
<td>
para maisagawa ang mga gawain:
<ul>
<li>Ano ang kahulugan o ugnayan ng mga elementong ito sa heograpiya ng bansa?</li>
<li>Ano-ano ang mga halimbawa nito na nalalaman o makikita sa inyong kapaligiran?</li>
<li>Ano ang mga kasalukuyang sitwasyon ng mga ito?</li>
</ul>
Ang bahaging ito ay maaaring isagawa ng maraming araw dahil ang mga mag-aaral ay kanilang ibabahagi ang kanilang nalalaman sa aralin bago ito ituro hanggang sa katapusan ng pagtuturo. Ang “pangunahing sagot” ay ang pagtatala ng mag- aaral sa kanyang nalalaman bago ang pagtalakay sa aralin. Sa bahagi ng “pinunang at pinal na sagot”, dito na makikita ang mga maaaring pagbabago o pagdadagdag pa ng impormasyon ng mag-
</td>
</tr>
</table>

| | | |
|---|---|---|
| | | aaral patungkol sa aralin. |
| **B. Paglalahad ng Layunin** | **1. Paglinang sa Kahalagahan sa Pagkatuto sa Aralin**<br>**Gawin ang mga sumusunod na gawain sa interaktibong pamamaraan MAY K AKO SA IYO (#Katanungan, Kaalaman at Kamalayan):**<br><br><br>Ang mga mag-aaral ay kanilang tutukuyin kung anong "K" ang inilalarawan sa bidyong ito: **"LOVE, The Philippines" a New Campaign Tourism Ad 2023"** (nakuha mula sa https://www.youtube.com/watch?v= y5vX8ZqkHaY)<br>Gawing gabay ang mga pahayag na makikita sa ibang hanay upang matukoy ang konsepto.<br><br>1. K_________<br><br>2. K_________<br>• Ito ay naglalarawan sa mga makikitang katangian ng kalupaan at katubigan sa isang lugar.<br>• Ito ay tahanan ng mga iba't ibang uri ng hayop, halaman at iba pang species<br>HALIMBAWA: [illegible] itong sinabi na dapat pahalagahan ang **inang kalikasan** para maging mas maayos pa ang ating planeta<br>Paalala: Maaring hayaan ang mga mag-aaral na maglahad o magkwento patungkol sa topiko kung mayroon silang nai-ugnay dito.<br><br>3. K_________<br>**UNANG ARAW**<br>Sa bahaging ito, mahalagang maipahayag ang kahalagahan kung bakit dapat pag-aralan ang konsepto ng katangiang pisikal ng bansa o heograpiya at kanyang ugnayan sa paglinang ng likas na yaman. Maaaring makatulong na gabay ang mga sumusunod na tanong:<br>1. Ano-ano ang mga maaaring makuha natin na biyaya mula sa mga iba't ibang anyong | Bilang ito ang ninanais na makamtang layunin, nararapat na ipabatid sa mga mag- aaral na ang ugnayan ng katangiang pisikal o heograpiya ng bansa at kanyang paglinang ng likas na yaman ay makikita sa tatlong (3) mahahalagang konsepto. Ito'y iyong maaaring ilahad sa kanila sa pamamagitan ng mga sumusunod na gawain: |

| | | |
|---|---|---|
| | lupa at tubig ng bansa?<br>2. ano ang epekto ng klima o panahon sa pamumuhay ng mga Pilipino?<br>3. Ano ang nakikitang ugnayan ng nararamdamang temperatura o panahon sa isang lugar patungkol sa paglinang ng yaman ng bansa? | |
| **C. Paglinang at Pagpapalalim** | **UNANG ARAW**<br>Ang ating bansang Pilipinas lalong lalo na ang kanyang heograpiya ay natatangi dahil sa ito isang archipelago na binubuo ng humigit kumulang na 7,000 na malalaki at maliliit na pulo. Dahil dito, hindi maikakailang ang bansa ay mayaman patungkol sa mga anyong kalupaan at katubigan. Bukod pa dito, kung ating titignan ang ating mapa at globo, ang Pilipinas ay tropikal na rehiyon na nakararanas ng apat na klase ng klima ayon sa distribusyon:<br><br>>**Unang Uri-** Maulan sa mga buwan ng Hunyo hanggang Nobyembre at tuyo naman mula Disyembre hanggang Mayo. Gaya ng mga Lugar: Kanlurang Luzon, Mindoro, Palawan, Panay, Negros<br>> **Ikalawang Uri-**Tag-ulan mula Disyembre hanggang Pebrero, halos walang tag-init at ang pinakamaulang buwan ay mula Nobyembre hanggang Enero. Gaya ng mga Lugar: Catanduanes, Sorsogon, Silangang Albay, Silangang Quezon, Leyte, Silangang Mindoro<br>> **Ikatlong Uri-**Tag-init mula Nobyembre hanggang Abril at tag-ulan ang natitirang buwan. Gaya ng mga Lugar: Lambak ng Cagayan, silangan ng Mountain Province, Masbate, Timog Quezon<br>> **Ikaapat na Uri-**Tag-ulan halos buong taonLaging dinadalaw ng pag-ulan. Gaya ng mga Lugar: Batanes, Hilagang-silangang Luzon, Timog-Kanlurang Camarines Sur, Albay, Marinduque, Kanlurang Leyte, Bohol<br><br>Dahil dito, malaki ang nagiging gampanin ng katangiang pisikal sa aspekto ng pang araw- araw na pamumuhay ng ta at ganap sa buong bansa. Iugnay natin ang mga konseptong ito sa mahahalagang **K** sa Araling Panlipunan<br><br>**Kaugnay na Paksa 1: Ang Heograpiya At Ang Kabuhayan**<br>**1. Pagproseso ng Pag-unawa**<br>Ang agrikultura ay isang agham, sining at gawain ng pagpoprodyus ng pagkain at mga produkto, mula sa pagtatanim at pagaalaga ng hayop na tumutugon sa pangangailangan ng tao. Dahil sa lawak at dami ng lupain ng bansa mula sa pagiging arkipelago nito, nabibilang ang Pilipinas bilang bansang agrikultural. | Ang mga impormasyong ito patungkol sa ugnayan ng heograpiya ng bansa sa kabuhayan ay maaaring gawing gabay sa pagproseso ng pag- unawa ng mga mag- aaral. Ang guro ay may kalayaang magdagdag pa ng iba pang pahayag o babasahin na sa tingin niyang naaangkop sa mga mag-aaral batay sa lokalisasyon at kontekstwalisasyon ng aralin.<br><br>Ang mga impormasyong ito patungkol sa ugnayan ng heograpiya ng bansa |

| | | |
|---|---|---|
| | Dahil dito, kinikilalang ang mga kalupaan at katubigan bilang nagbibigay kabuhayan sa mga mamamayan. Narito ang ilan sa mga kakikitaangbalita o isyung may kinalaman sa ugnayan ng anyong tubig at lupa sa kabuhayan ng mga tao. Ang mga mag-aaral ay susuriin ang mga sumusunod na balita o pahayag. Makikita ang buong teksto sa mga link.<br><br>Abante<br>NEWS<br>Marcos dismayado sa kalidad ng mga lupang pangsakahan<br><br>Pagpapaunlad sa produksyon ng Asin sa lambak ng Cagayan, tututukan ng BFAR Region 2<br>Bukod sa anyong lupa at tubig, ang natatanging katangian rin ng Pilipinas bilang isa sa mga bansa a tropical na rehiyon ay maaaring kakikitaan rin ng epekto ng klima o panahon ng bansa sa maaaring kabuhayan ng mga mamamayan.<br><br>Ang mga mag-aaral ay kanilang susuriin ang pahayag na ito:**Benguet at Baguio City: Bayang iyong Babalikan** | sa kabuhayan ay maaaring gawing gabay sa pagproseso ng pag-unawa ng mga mag-aaral. Ang guro ay may kalayaang magdagdag pa ng iba pang pahayag o babasahin na sa tingin niyang naaangkop sa mga mag-aaral batay sa lokalisasyon at kontekstwalisasyon ng aralin. |

| | | |
|---|---|---|
| | Matatagpuan ang probinsiya ng Benguet sa rehiyon ng Cordillera Administrative Region (CAR). Kilala ang Benguet dahil sa mga mineral katulad ng ginto, pilak at tanso na matatagpuan dito. Isa ito sa mga may pinakamaraming mamimina sa Pilipinas subalit hindi lingid ang agrikultura bilang pangunahing pinagmumulan ng kabuhayan ng mga taga-Benguet. Tinagurian ang Benguet bilang *Salad Bowl* ng Pilipinas dahil naririto lahat ng gulay na makikita sasalad. Dumaan ang Benguet sa kamay ng mga mananakop. Kaakibat ng pagtulong ng mga mananakop sa pagpapalago ng agrikulurang pamumuhay ng mga tagaBenguet ang layon ng mga itong baguhin o tanggalin ang nakaugaliang pamumuhay. Dahil sa kanyang natatanging malamig na temperatura, ang  Baguio City, na kinikilalang *Summer Capital of the Philippines*, ay nagging sentro na rin ng kabuhayan ng mga mamamayan CAR. Bilang isa ito sa mga karaniwang binibisita ng mga turista, ang kanyang angking ganda ay nagsilbing malaking boost sa turismo ng bansa na nagbukas sa iba't ibang oporutnidad ng pagnenegosyo. Ilan lamang dito ay ang pag-usbong | |


ng iba't ibang shopping centers, mga naglalako sa mga iba't ibang tourist sites, mga hotel at marami pang ibang korporasyon.

**2. Pinatnubayang Pagsasanay**

**Tanong-Tugon, Pampadunong (#Pamprosesong Katanungan):**
Ang mga sumusunod na katangungan ay maaaring gawing gabay ng guro sa pagtatalakay ng aralin.

- Ano ang mga katangiang pisikal ng bansa na may kinalaman sa kabuhayan ng mga mamamayan?
- Mula sa kabuhayan, ano ang mga produkto at serbisyo sa Pilipinas na nagmumula sa mga katangiang heograpikal ng bansa?
- Paano ang mga katangiang heograpikal ng Pilipinas ay nag-aambag sa produksyon ng mga ito?


**3. Paglalapat at Pag-uugnay**
**Ugnay-Unawa (#Ating Ilapat at Iugnay)**
Sa bahaging ito, ang mga mag-aaral ay kanilang ibabahagi ang mga obserbasyon sa kanilang kapaligiran partikular na sa kanilang lokalidad patungkol sa ugnayan ng katangiang pisikal o heograpiya sa kabuhayan.



| KATANGIANG PISIKAL O HEOGRAPIKAL | DULOT NITONG KABUHAYAN SA INYONG LOKALIDAD |
|---|---|
| 1. ANYONG LUPA<br>Ang mga anyong lupa sa amin ay mga ... | |
| 2. ANYONG TUBIG<br>Ang mga anyong tubig sa amin ay mga ... | |
| 3. KLIMA AT PANAHON<br>Ang klima o panahon sa amin ay ... | |



**Kaugnay na Paksa 2: Ang Heograpiya At Ang Kapaligiran**

**1. Pagproseso ng Pag-uunawa**
Bukod sa hanapbuhay at pagkakakitaang negosyo, ang relasyon ng heograpiya at katangiang pisikal ng bansa sa kapaligiran. Sa pinakasimpleng konsept, ang kapaligiran ay tumutukoy sa mga bagay na makikita sa ating paligid. Ito ay maaaring tumukoy sa ating tahanan, labas ng bahay, mga paaralan at mga establishimento. Bukod dito, hindi rin maikakaila na ito ay tumutukoy sa kabuuan ng mga buhay ng lahat ng mga organism dito sa munod. Sa tulong ng mga iba't ibang isyu at mga bidyo, ang mga mag-aaral ay kanilang susuriin ang katangian at kalagayan sa bansa:





2. **Pinatnubayang**

| | | |
|---|---|---|
| | **Pagsasanay**<br>**Tanong-Tugon, Pampadunong (#Pamprosesong Katanungan):**<br>Ang mga sumusunod na katanungan ay maaaring gawing gabay ng guro sa pagtatalakay ng aralin.<br>● Anong aspekto ng katangiang pisikal o heograpiya ng bansa ang direktang nakaaapekto sa kalagayan ng kapaligiran?<br>● Ano sa tingin mo ang magiging kahihinatnan ng kasalukuyang kalagayan ng ating kapaligiran at katangiang pisikal o heograpiya sa pamumuhay ng tao?<br><br>**3. Paglalapat at Pag-uugnay**<br>**Ugnay-Unawa (#Ating Ilapat at Iugnay)**<br>Sa bahaging ito, ang mga mag-aaral ay kanilang ibabahagi ang mga obserbasyon sa kanilang kapaligiran partikular na sa kanilang lokalidad patungkol sa ugnayan ng katangiang pisikal o heograpiya sa kabuhayan.<br><br>**Kaugnay na Paksa 3: Ang Heograpiya at ang Kultur**<br>**1. Pagproseso ng Pag-unawa**<br>Bilang ito ay sumasalamin sa kabuuan ng pagkabansa ng Pilipinas, saan ka man lupalop makarating sa ating bansa at kung ano man ang mararamdaman mong temperature, ang kultura ay maaninag kailanman. Sa mga tradisyon, paniniwala, batas, musika, sayaw at iba pang aspekto, tiyak na tiyak ang impluwensya ng kultura sa katangiang pisikal ng bansa. Sa pamamagitan ng mga sumusunod na babasahin, ang mga mag- aaral ay kanilang susuriin ang mga katangian nito:<br><br><br><br>**2. Pinatnubayang Pagsasanay**<br>**Tanong-Tugon, Pampadunong (#Pamprosesong Katanungan):**<br>Ang mga sumusunod na katangungan ay maaaring gawing gabay ng guro sa pagtatalakay ng aralin.<br>● Ano ang mga direktang impluwensya ng pagiging kapuluan at mga iba pang katangiang pisikal ng bansa sa pagsulong ng kultura?<br>● Sa paanong maisasalamin ang kultura ng ating bansa sa pamamagitan ng kanyang pisikal na katangian? | Ang mga impormasyong ito patungkol sa kapaligiran ay maaaring gawing gabay sa pagproseso ng pag- unawa ng mga mag- aaral. Ang guro ay may kalayaang magdagdag pa ng iba pang pahayag o babasahin na sa tingin niyang naaangkop sa mga mag-aaral batay sa lokalisasyon at kontekstwalisasyon ng aralin.<br><br>Ang mga impormasyong ito patungkol sa kapaligiran ay maaaring gawing gabay sa pagproseso ng pag- unawa ng mga mag- aaral. Ang guro ay may kalayaang magdagdag pa ng iba pang pahayag o babasahin na sa tingin niyang naaangkop sa mga mag-aaral batay sa lokalisasyon at |

| KATANGIANG PISIKAL O HEOGRAPIKAL | KULTURA NG INYONG LOKALIDAD |
|---|---|
| **1. ANYONG LUPA**<br>Ang mga anyong lupa sa amin ay mga … | |
| **2. ANYONG TUBIG**<br>Ang mga anyong tubig sa amin ay mga … | |
| **3. KLIMA AT PANAHON**<br>Ang klima o panahon sa amin ay … | |


| | | |
|---|---|---|
| | **3.Paglalapat at Pag-uugnay**<br>**Ugnay-Unawa (#Ating Ilapat at Iugnay)**<br>Sa bahaging ito, ang mga mag-aaral ay kanilang ibabahagi ang mga obserbasyon sa kanilang kapaligiran partikular na sa kanilang lokalidad patungkol sa ugnayan ng katangiang pisikal o heograpiya sa kabuhayan. | kontekstwalisasyon ng aralin. |

| | | |
|---|---|---|
| **D. Paglalahat** | **IKATLONG ARAW**<br>**Book-Lat Mulat (#Handang Mamulat sa mga Konseptong Dapat)**<br><br>Sa bahaging ito, ang mga mag-aaral ay kinakailangang mag-#book para sa kanilang trip o paglalakbay patungkol sa arlin. Ang kanilang gagawin ay itala ang mga konsepto o ideyang nagpamulat at umantig sa mga isip at puso nila patungkol sa aralin at ugnayan sa pang araw-araw na pamumuhay.<br><br><br><br>**KALIMANG ARAW**<br>**Istasyong Madunong (Choo Choo!!! Bibiyahe na ang #BrainTrain)**<br><br><br><br>Sa gawaing ito, ang mga mag-aaral ay maglalakbay gamit ang **#BrainTrain.** Sila ay dadaan sa mga iba't ibang istasyon at kanilang itatala ang kanilang naging pagbubuod sa aralin. | Gawing gabay ang mga sumusunod na katanungan:<br><br>• Ano ang mga importanteng napag-aralan mo sa araling ito?<br>• Ano ang mga konseptong hindi mo sigurado noong umpisa pero ngayon ay naging malinaw na?<br><br>Gawing gabay ang mga sumusunod na katanungan sa pagsagawa ng gawaing ito:<br><br>• Ano ang mga importanteng |

| MGA BIDYO AT PAHAYAG | ANONG K at Kanyang Ugnayan at Epekto |
|---|---|
| | |
| | |

| | | |
|---|---|---|
| | <br><br>**Exit Ticket:**<br>Ang mga mag-aaral ay kanilang sasagutin ang “exit ticket form” bilang tanda ng pagtatapos ng kanilang pag-aaral ng aralin. | napag-aralan mo sa<br><br>araling ito? |

| IV. EBALWAYSON NG PAGKATUTO: PAGTATAYA AT PAGNINILAY | TALA SA GURO |
|---|---|

| | | |
|---|---|---|
| **A. Pagtataya** | **1. Pagsusulit**<br>**Relay-Relasyonal:**<br>Ang mga mag-aaral ay susuriin ang mga pagkakapareho at pagkakaiba ng mga katangian o konsepto ng KABUHAYAN, KAPALIGIRAN AT KULTURA at kanilang ugnayan sa isa't isa. **Bidyo-Ok!**<br><br>Magpapakita ang guro ng iba't ibang bidyo na tumutukoy sa katangiang pisikal o heograpiya ng bansa at ito'y iuugnay ng mga mag-aaral sa konsepto sa kabuhayan, kapaligiran o kultura. Pagkatapos nito ay magbibigay ng pahayag ang mga mag-aaral patungkol sa ugnayan at posibleng epekto nito.<br><br> | Ang bahaging ito ay maaaring gawaing pangkatan. |

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| |  | | | |
| |  | | | |
| |  | | | |

**B. Pagbuo ng Anotasyon**

| **Itala ang naobserhan sa pagtuturo sa alinmang sumusunod na bahagi.** | **Epektibong Pamamaraan** | **Problemang Naranasan at Iba pang Usapin** |
|---|---|---|
| **Estratehiya** | | |
| **Kagamitan** | | |
| **Pakikilahok ng mga Mag- aaral** | | |
| **At iba pa** | | |

Hinihikayat ang mga guro na magtala ng mga kaugnay na obserbasyon o anomang kritikal na kaganapan sa pagtuturo na nakakaimpluwensya sa pagkamit ng mga layunin ng aralin.
Maaaring gamitin o baguhin ang ibinigay na template sa pagtatala ng mga kapansin- pansing lugar o alalahanin sa pagtuturo.

Bilang karagdagan, ang mga tala dito ay maaari ding maging isa mga gawain na ipagpapatuloy sa susunod na araw o mga

karagdagang aktibidad na kailangan.

**C. Pagninilay**


Gabay Na Tanong Sa Pagninilay (Para Sa Mga Mag-Aaral)

| | |
|---|---|
| Ano Ang Aking Naranasan? | |
| Ano Ang Aking Naramdaman? | |
| Ano Ang Aking Gagawin? | |

Para Sa Guro

Ang mga entry sa seksyong ito ay mga pagninilay ng guro tungkol sa pagpapatupad ng buong aralin, na magsisilbing input para sa pagsasagaw ng LAC. Maaaring gamitin o baguhin ang ibinigay na mga gabay na tanong sa pagkuha ng mga insight ng guro.

Paskilatis *(Face And Book Your Self For A Self Exploration Trip)*




Pakiramdam ko, ang linggong ito ay Naging

mapanghamon ang pagtuturo dahil

Sa huli, nagtagumpay ang pagtuturo sapagkat ang pagkatuto ng mga mag-aaral ay makikita sa